KATRIBU

MAKATARUNGAN ANG ATING PAGLABAN!

Depensahan ang lupang ninuno at teritoryo! Igiit ang sariling pagpapasya!

Pambansang Kampanya ng Katribu (Abril 2026 - 2027)

Konteksto

Nanunuot ang pambansang pang-aapi sa hanay ng pambansang minorya, mga Katutubo at Moro, sa ilalim ng tumitinding paninibasib ng rehimeng US-Marcos Jr. gamit ang mga programang neoliberal at mga patakarang pahirap at pasista laban sa mamamayan. Ito ay bahagi ng mga digmaang agresyon ng US sa iba't ibang bansa at ng interbensyong militar nito sa Pilipinas, na nagsisilbing batayan ng mga patakarang panseguridad at pang-ekonomiya ng gobyerno ni Marcos Jr.

Sa pamamagitan ng militarisasyon, pang-aagaw sa lupang ninuno, sapilitang pagpapalayas sa mga komunidad, at kriminalisasyon sa mga lider-aktibista at advocates, lalong pinatitindi ng estado ang pagsasamantala at diskriminasyon sa mga Katutubo at Moro. Kaakibat nito ang patuloy na pagsisilbi ng gobyerno sa interes ng mga dayuhang korporasyon, malalaking negosyante, at imperyalistang kapangyarihan, sa kapinsalaan ng karapatan, kabuhayan, kultura, at sariling pagpapasya ng mga pambansang minorya.

a. Pang-aagaw ng Lupa

Kaliwa't kanan ang imperyalistang pandarambong at pang-aagaw ng lupang ninuno at teritoryo ng Katutubo at Moro, pangunahin sa mukha ng mga minahan at proyektong pang-enerhiya at mga dambuhalang dam.

Mula Luzon hanggang Mindanao, nakatayo at pilit na itinatayo ang mga ito kasama ang iba pang proyektong pang-ekoturismo, plantasyon, imprastruktura, mga protected area, at kampo ng militar.

Kalakhan dito ay dayuhang mina para sa "transition" minerals na ginagamit para sa pagpapatakbo ng mga renewable energy projects tulad ng hydropower, solar, at wind farms. Noong Hulyo 2023, nasa 1,025 ang *active renewable energy projects*, kung saan pinakamalaki ang *hydropower* na nakatayo mismo o malapit sa mga lupang ninuno.

- Sa Ilocos, nariyan ang Cabacanan Dam at mga kaliwa't kanang windmill at solar farms;
- Sa Nueva Vizcaya, nariyan ang mga dayuhang kumpanyang pang-mina na OceanaGold, Woggle Corporation, atbp;

- Sa Cordillera, umabot na sa 179 aplikasyon ng mga dambuhalang minahan ang pinoproseso, at nasa 118 proyektong pang-enerhiya na ang pinahintulutan ng Department of Energy. Halos kalahati na ng kabuuang kalupaan ng rehiyon ang sasakupin nito;
- Sa Central Luzon, mahigit 100 ang pinahintulutang itayo na solar energy projects, kung saan 19 dito ay sa Zambales. Bukod dito, kaliwa't kanang renewable energy projects tulad ng hydropower at biomass (sanitary landfill) at mga proyektong pang-ekoturismo ang planong itayo sa rehiyon na sumasaklaw sa mga lupain ng Ayta. Nariyan din ang planong Pacific Coast Cities na sasaklaw sa coastal areas mula Aurora hanggang Quezon at ilang dambuhalang windmill projects;
- Sa Timog Katagalugan, natigil man ang pagpondo sa Kaliwa Dam, hindi naman natigil ang pagpapatayo dito na magpapalayas sa libo-libong mga Dumagat at sisira sa bulubundukin ng Sierra Madre. Nariyan rin ang planong itayong windfarms sa Rizal at Quezon, samantalang kaliwa't kanan ang minahan sa Palawan at Mindoro;
- Sa Panay, nariyan ang Jalaur Dam at planong itayong Pan-ay Dam na magpapalayas sa mga Tumandok;
- Sa Negros, nariyan ang plantasyon ng HAPI sa Candoni na umuokopa sa lupain ng mga Katutubong Magahat; at
- Sa Mindanao, nariyan ang minahan ng Tampakan, Taganito, atbp., refuelling depot sa Davao Gulf, military reservation areas at EDCA sites, at kaliwa't kanang plantasyon na umuokopa sa malalawak na mga lupa at teritoryo ng mga Lumad at Moro

Sapilitang pinapalayas ang mga Katutubo at Moro sa kanilang mga lupain at teritoryo, at pinagkakaitang makapamuhay nang malaya mula sa panunupil ng estado.

Pinaigting ito ng mga makadayuhang batas na nagpapahintulot sa pangangamkam ng mga lupa ng mga Katutubo at Moro. Ilan lang ang Philippine Mining Act of 1995, amended Renewable Energy Act of 2008, 99-Year Land Lease Act, at Energy Virtual One-Stop Shop Act na nagpapahintulot sa matagalan o panghambambuhay na paggamit sa lupa ng Pilipinas sa ilalim ng 60%-100% pagmamay-ari ng mga dayuhang kumpanyang mina at enerhiya.

b. Paglabag sa karapatang pantao at International Humanitarian Law at ang pinaigting na gerang agresyon ng US

Kadikit ng pang-aagaw sa lupa ang tuloy-tuloy na kriminalisasyon at tumitinding militarisasyon sa lupain ng Katutubo at Moro.

Ang militarisasyon sa Pilipinas ay nagsisilbing hakbang sa kontra-insurhensiya at depensa para sa mga korporasyon *(investment defense force)*. Nakabatay ito sa Executive Order (EO) 70, o pambansang polisiya sa panloob na seguridad ng

estado, na nag-iinstitusyonalisa sa whole-of-nation approach at lumikha sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Kinasasangkutan nito ang mga lokal na yunit ng pamahalaan, mga ahensya, pwersang panseguridad ng estado, at mga pormasyong sibiko para sa layunin ng kontra-insurhensiya at pagpapatupad ng mga neoliberal na polisiya ng gobyerno sa enerhiya, pagmimina, komersyal na plantasyon, imprastraktura, komunikasyon, at iba pa. Pinatindi at tuloy-tuloy ito sa ilalim ng Memorandum Circular 83 ni Ferdinand Marcos Jr, ang pag-atas sa NTF-ELCAC nang pagpapatupad sa National Action Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) 2025-2028.

Ginagamit ang pambobomba at militarisasyon upang protektahan ang interes ng mga burukrata kapitalista o mga lokal na pulitiko na kadalasa'y kumokontrol sa pambansang ekonomiya at mga industriya, gayundin ng mga pribadong korporasyon at multinasyunal na kumpanyang nagpapatakbo sa loob ng mga lupain at teritoryo ng mga Katutubo. Dapat higit pang ilantad ang mapanganib na ugnayang ito sa pagitan ng militarisasyon at interes ng malalaking korporasyon.

Ang paggamit ng mga sandatang pandigma ng Estados Unidos at ang lumalawak nitong presensyang militar sa Pilipinas ay dapat ding unawain sa mas malawak na konteksto ng estratehikong pagkakahati-hati ng rehiyon sa ilalim ng konsepto ng First Island Chain. Sa ganitong balangkas, ang Pilipinas ay nagsisilbing mahalagang bahagi ng hanay ng mga isla na ginagamit sa pagpoposisyon ng mga baseng militar, alyansa, at kasunduang pandepensa ng US upang palawakin ang impluwensya at kontrol nito sa Asia-Pacific. Sa proseso nito, nagiging bahagi ang bansa ng mas malawak na estratehiyang militar na may epekto sa mga sigalot at tensyon sa iba't ibang rehiyon, kabilang ang West Asia, na nagdudulot ng malawakang pinsala sa mga sibilyang komunidad. Sa ganitong kalagayan, ang teritoryo at mga pasilidad sa Pilipinas ay naisasama sa mas malawak na arkitektura ng digmaan, sa kapinsalaan ng soberanya at kaligtasan ng mga mamamayan, lalo na ng mga Katutubo at Moro na pinaka-apektado ng tumitinding militarisasyon.

Kabilang sa militarisasyon ang pagpapakat ng mga militar sa tinaguriang mga *red areas* na karaniwang pinapasok ng mga mapanirang proyekto, pagtatayo ng kampo militar sa mga komunidad, pagbuo ng mga grupong paramilitar, paglalagay ng mga checkpoint, pambobomba, at paggamit ng mga drone. Nagdudulot ito ng kriminalisasyon, red-tagging, at pagtuturing na terorista sa mga organisasyong Katutubo, mga aktibista, at mga tagapagtaguyod ng karapatan.

Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, hindi bababa sa 10 ang naitalang pambobomba na apektado ang mga lupang ninuno at mga Katutubong komunidad. Nariyan ang 9 na EDCA sites na karamihan ay nakatayo sa lupa ng mga Katutubo at Moro. Dagdag dito ang mga sikretong pasilidad para sa malayang paglabas-pasok ng mga tropang kano at maging lagakan ng mga armas pang-militar ng Estados Unidos tulad sa Ilocos Norte, Aurora, Quezon, Mindoro, Panay at iba't ibang bahagi ng Palawan.

KATRIBU

Tuloy-tuloy din ang paggamit ng mga mapanupil na batas tulad ng Anti-Terrorism Act of 2020 at Terrorism Financing and Suppression Act of 2012 laban sa mamamayan. Nananatiling nakatalaga bilang mga terorista ang 4 na aktibista at lider-Katutubo ng Cordillera, habang ilang Katutubong Kababaihan at advocates ang kinasuhan ng financing terrorism. Sa pagbabansag sa mga Katutubo, Moro, at advocates bilang terorista, pinahihintulutan nito ang klima ng pagpaslang at mga pagdukot at sapilitang pagkawala. Sa ilalim ng gobyerno ni Marcos, tatlong Katutubong kabataan na ang naitalang pinaslang (Mangyan-Hanunuo Jay-el Maligday, Lumad-Dulangan Kuni Cuba, at Lumad Elioterio Ugking). Samantalang nananatiling nawawala ang mga dinukot na aktibistang Katutubo at advocates na sina Dexter Capuyan, Bazoo de Jesus, Felix Salaveria Jr, at iba pang desaparecidos.

Sa kabilang banda, nariyan ang pag-ki-kriminalisa sa pakikiisa *(solidarity)* at *humanitarian action* ng malawak na hanay ng mamamayan sa mga Katutubo at Moro. Tulad nang ginawa sa tinaguriang Talaingod 13 na *"convicted"* ng isang lokal na korte sa Cagayan de Oro dahil sa pagresponde sa mga komunidad ng Lumad sa Mindanao na matindi ang nararanasang militarisasyon. Sa kasalukuyang tala ay nasa 194 na ang Katutubo, Moro, at advocates na bilanggong politikal sa ilalim ng administrasyong Marcos. Kasama dito ang mga Katutubong Dumagat na sina Rocky Torres at Dandoy Avellaneda[1] at Lumad na si Michelle Campos, advocates na sina Aldeem Yanez at Emilio Gabales III, at NDFP consultants na sina Loida Magpatoc at Kennedy Bangibang. Nananatili ring nakapiit sa bilangguan ang mga Moro na dekada nang nakakulong mula pa sa malagim na deklarasyon ng State of Lawlessness ng rehimeng Arroyo.

c. Kultural na Diskriminasyon

Pinapalaganap ng estado sa pamamagitan ng edukasyon at midyang masa ang pagtingin sa mga Katutubo bilang mga pangalawang uri ng mamamayan, kung saan itinuturing silang mangmang, marurumi, at hadlang umano sa "kaunlaran." Patuloy ding binubura at minamaliit ang kanilang kultura, tradisyon, at sistemang panlipunan upang bigyang-katwiran ang pang-aagaw sa kanilang lupang ninuno at pagpapasok ng mga mapanirang proyekto sa kanilang mga komunidad. Ang ganitong diskriminasyon ay lalong nagpapatindi sa marhinalisasyon ng mga Katutubo at nagiging kasangkapan upang supilin ang kanilang paglaban para sa karapatan at sariling pagpapasya.

d. Kapabayaan ng Pamahalaan

Pinaiigting ng burukrata kapitalismo ang pasismo at terorismo ng estado.

[1] Nakalaya sina Rocky at Dandoy noong ika-9 ng Mayo 2026 nang i-dismiss ang kasong illegal possession of firearms and explosives laban sa kanila.

KATRIBU

Sa taong 2025 ay nailantad ang kaibuturan ng burukrata kapitalismo na umiiral sa ilalim ng pamamahala ng hari ng korapsyon na si Ferdinand “Bongbong” Marcos Jr at reyna ng korapsyon na si Sara Duterte. Sumambulat sa mamamayang Pilipino ang malawakan at sistematikong korapsyon sa gobyerno. Nariyan ang confidential at intelligence funds, flood control projects, allocables, unprogrammed appropriations, at kickbacks mismo ng pangulo, na naglantad sa 2026 GAA na punong-puno ng pork barrel kung saan may direktang pananagutan sina Marcos at Duterte.

Dagdag pa, nariyan ang P8-bilyon badyet para sa Barangay Development Program, na ipinapatupad sa mga komunidad ng Katutubo at Moro para sa mga pangkaunlarang proyekto at programa kuno tulad ng farm-to-market roads, ngunit napupunta lamang sa mga peke at pwersahang pagpapasuko at iba pang paglabag sa karapatang pantao at International Humanitarian Law. Sa ilalim ng Retooled and Community Support Program (RCSP) ng AFP, nagkakampo ang mga sundalo sa mga baryo at barangay para diumano’y i-clear ito ng insurhensya. Para sa taong 2026, ang AFP ay makakatanggap ng P145-bilyong piso, mula sa pangkabuuang badyet ng DND na nasa P305.9-bilyon.

Sa kabila ng mga ito, hindi nakatatamasa ng serbisyong panlipunan tulad ng karapatan sa edukasyon (pinasara pa ang mga paaralang Lumad), kalusugan, at mga pampublikong imprastruktura, ang mamamayang Katutubo.

Sa bilyon-bilyong pondong inilaan sa pork barrel para sa 2026 budget, mahigit 200-bilyong piso dito ay napunta sa presidential pork. Makakapagpondo na sana ito ng daan-daang libong klasrum na higit na kinakailangan ng mga kabataan sa pag-aaral. Ganun din para sa mga pampublikong ospital lalo na sa mga komunidad na malalayo sa sentrong-lunsod at hirap o halos walang akses sa serbisyong pangkalusugan.

Sa hanay ng mamamayang Moro, nalantad ang kahungkagan at kabiguan ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno ni Marcos at ng MILF. Mula sa kabiguang sundin ng gobyernong Marcos ang kasunduan sa usaping kompensasyon sa mga nagbaba ng armas na BIAF, hanggang sa makailang beses na hindi pagtuloy ng eleksyon sa BARMM, patunay na hindi seryoso ang gobyerno ni Marcos na kilalanin ang sariling paggugubyerno ng Bangsamoro. Sa kabila ng pag-dedecommission ng MILF, tuloy-tuloy ang presensya mga militar sa mga komunidad at paglabag sa karapatang pantao. Nariyan din ang kawalan ng hustisya at kawalang pananagutan ng nagdaang rehimeng Duterte sa ginawa nitong malawakang pambobomba sa Marawi mag-si-siyam na taon na ang nakalilipas. Sa 2026, P2-bilyong pisong badyet lamang ang inilaan, sa mukha ng Unprogrammed Appropriations, sa Marawi Compensation Program. Hindi maikakaila na nauna pang pagtayuan ng mga negosyo ang ground zero, kumpara sa halos isang dekada nang paghihintay ng mga biktima sa karampatang kompensasyon at karapatang makabalik sa kanilang mga tahanan.

KATRIBU

e. Politikal na Misrepresentasyon

Bagamat nariyan ang Indigenous Peoples Rights Act of 1997, hindi nito prinotektahan ang karapatan ng mga Katutubo. Ang institusyong nilikha nito na National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) ang pangunahing kasabwat ng mga dayuhang korporasyon at burukrata kapitalista sa paglabag sa free, prior, and informed consent (FPIC) at iba pang batayang karapatan ng Katutubong mamamayan.

Ang National Commission on Indigenous Peoples ay nananatiling kasangkapan ng estado at malalaking dayuhang korporasyon, at aktibong bahagi ng NTF-ELCAC na nan-re-redtag at nagpapahamak sa mga Katutubo, sa halos tatlong dekada pagkakatatag nito. Naging daan ito para sa paglabag sa FPIC ng mga Katutubo lalo na sa pagpasok ng mga mapanirang proyekto sa mga lupang ninuno. Maraming *irregularities*, mga kwestyonableng *Certificate of Precondition*, at manipulasyon ng FPIC.

Hindi maitatatwa ng sistematikong korapsyon ang malaking budget sa pasismo na sana'y inilalaan para sa mga serbisyong panlipunan na karaniwa'y hindi natatamasa o salat ang mga komunidad ng Katutubo at Moro. Sa P1.8-bilyong badyet na natanggap ng NCIP para sa 2026, saklaw nito ang P58-milyong badyet sa PAyapa at MAsaganang PAmayanan (PAMANA) program na gagamitin diumano para sa conflict-affected areas na tinukoy na ng OPAPRU (Office of the Presidential Adviser on Peace, Reconciliation, and Unity). Nariyan din ang kwestyonableng Extraordinary and Miscellaneous Expenses sa ilalim ng Confidential, Intelligence, and Extraordinary Expenses ng NCIP na nagkakahalaga ng P4-milyon. Hiwalay pa ito sa P11-bilyong badyet na inilaan naman sa Confidential and Intelligence Funds, kung saan P4.5-bilyon dito ay nakalaan sa opisina ng pangulo.

f. Komersyalisasyon ng Kulturang Katutubo

Ginagamit ang mga Katutubong sayaw, awit, disenyo ng habi, at iba pang anyo ng kultura bilang mga pagkakakitaan lamang, habang ipinagkakait sa mga komunidad ang tunay na pagkilala at benepisyo mula rito. Madalas ding kinukuha at ginagamit ng mga pribadong kumpanya, turista, at maging ng estado ang mga elementong kultural ng mga Katutubo para sa negosyo, turismo, at promosyon nang walang pahintulot o makatarungang kabayaran. Sa ganitong kalagayan, nababago at nababawasan ang tunay na kahulugan ng kanilang kultura, at nagiging kalakal na lamang ito sa halip na buhay na bahagi ng kanilang pagkakakilanlan at kasaysayan.

Tumitindig ang mamamayang Katutubo at Moro para protektahan at ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa at sariling pagpapasya.

Iginiit ng mga komunidad ng Katutubo na ang lupa ay buhay. Ang pagtatanggol dito ay hindi maihihiwalay sa pagtatanggol sa kanilang kultura, dignidad, at kabuhayan.

KATRIBU

Anumang makatarungan at pangmatagalang kinabukasan ay dapat magsimula sa pagkilala at pagprotekta sa karapatan ng mga Katutubo at Moro sa kanilang lupang ninuno, teritoryo, at sariling pagpapasya.

Katangian:

- Ang kampanyang 'Makatarungan ang ating Paglaban' (Our Fight Is Just) ay kampanya para sa paggiit sa karapatan sa lupang ninuno at sariling pagpapasya ng mamamayang Katutubo at Moro. Mahalagang patampukin ang iba't ibang anyo ng pakikibaka ng mga pambansang minorya laban sa pandarambong, militarisasyon, at pagsasamantala sa kanilang lupang ninuno at teritoryo.
- Ito, sa esensya, ay kampanyang anti-pambansang pang-aapi, at paggigiitsa karapatan sa lupang ninuno, sariling pagpapasya, at pambansang demokrasya. Dapat itong maunawaan bilang bahagi ng mas malawak na pakikibakang anti-pyudal, anti-pasista, anti-imperyalista, at anti-burukrata kapitalista, na naglalayong labanan at buwagin ang sistemang nagpapalakas ng imperyalismo, at pasismo, at mag-ambag sa kolektibong pagkilos para sa pananagutan at pagbabago ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos at Sara Duterte.

Mga Layunin at Dapat Gawin:

1. Palakasin bilang pambansang organisasyon ang Katribu. Gawin ito sa pag-*recover*, pagkonsolida, at pagtatatag ng bagong balangay. Kaakibat nito ang pagpayong, pagpapatampok, at pagdadala sa antas-pambansa at -internasyunal ng mga rehiyunal at sub-nasyunal na isyu at kampanya ng pambansang minorya sa bansa.
    a. Ang pambansang opisina ng Katribu ay magbibigay-suporta sa mga rehiyon sa anyo ng paglahok at pagsasagawa ng mga kaukulang pag-aaral at pagsasanay kaugnay ng mga tampok na isyu at kampanya sa lokal.
    b. Ang pagpapalakas sa ating organisasyon ay sagot sa matinding atake ng estado, at sa pagbasag sa takot na epekto nito sa mamamayan.
2. Magsagawa ng masinsin at aktibong propaganda-ahitasyon-edukasyon at mga kilos-protesta sa mga takdang araw na may tampok na isyu ng pambansang minorya. Magsagawa ng pagtitipon sa mga mahahalagang araw o buwan ng mga Katutubo, at isang kilos-protesta sa Disyembre na pangungunahan ng Katribu.
    a. Maglulunsad ng mga malikhain at napapanahong mga pamamaraan ng pagpukaw sa masa, at masiglang gawaing propaganda sa parehong tradisyunal at social media.
    b. Pagbibigay-diin sa mga may maiinit na laban, lalo na sa natukoy na *regional flashpoints* (Central Luzon at Southern Tagalog), at pagtukoy sa *red-letter dates* bilang mga punto ng pagkilos para sa mga kampanya.

c. Ang mga araw na paggunita sa pagpaslang ay hindi na lamang *commemorative*, itataas na ito sa paniningil at pagpapanagot.

3. Higit na palawakin ang suporta at pakikiisa sa pambansang minorya, sa anyong politikal, materyal, o pinansyal man, mula sa mga suportang grupo at indibidwal sa hanay ng kabataan at estudyante, propesyunal, mga taong-simbahan, at iba pang nasa panggitnang pwersa, sa loob at labas ng bansa.

Mga Sangkap ng Kampanyang 'Makatarungan ang Ating Paglaban'

1. 'Kalasag' (Panangga/Shield)

Ang "Kalasag" ay ang pagpapalakas ng kapasidad ng mga Katutubo hinggil sa mga lokal na usapin at kalagayan ng kanilang mga komunidad. Kabilang dito ang mga talakayan at pagsasanay ukol sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas, dokumentasyon, gawaing paralegal, at iba pang mahahalagang mekanismo para sa pagtatanggol at pagsusulong ng karapatang pantao. Layunin din nitong higit na palakasin ang kakayahan ng mga Katutubo na igiit at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan, lupang ninuno, at sariling pagpapasya sa harap ng tumitinding paglabag sa karapatang-pantao.

2. 'Lupa ay Buhay' (Land is Life)

Ang "Lupa ay Buhay" ay isang kampanyang tumututol sa pandarambong at pagkasira ng kalikasan, mga paglabag sa FPIC at iba pang mandato ng NCIP, gayundin sa militarisasyon at pambobomba sa mga komunidad. Kabilang dito ang pagpapalawak ng pampublikong impormasyon at kamalayan hinggil sa mga proyektong isinasagawa sa mga lupain at teritoryo ng mga Katutubo, dokumentasyon ng mga epekto at paglabag ng mga naturang proyekto, at pagsusumite ng mga ulat sa mga kinauukulang mekanismo ng karapatang pantao.

3. 'Sabukan On!' (Palayain, Ngayon Na!/Free [Our Loved Ones], Now!)

Ang "Sabukan On!" ("Palayain, Ngayon Na") ay kampanya at panawagan para sa agarang pagpapalaya sa mga Katutubo, Moro, at advocates na mga bilanggong pulitikal. Palakasin ang kampanyang ito sa pamamagitan ng aktibong depensang legal, pagpapalaganap ng kanilang mga kuwento, pangangalap ng pondo para sa kanilang araw-araw at medikal na pangangailangan, pag-aasikaso ng mga dalaw sa kulungan, at pagmamasid sa mga paglilitis (trial observations). Sa ganitong paraan, pinapalakas ang pagkakaisa at suporta ng mamamayan upang igiit ang hustisya at wakasan ang kriminalisasyon ng mga lumalaban para sa karapatan.

4. Laya (Free) Bail Fund

KATRIBU

Isang pondo para sa piyansa ng mga pambansang minorya at advocates sa Pilipinas na nahaharap sa mga gawa-gawang kaso, upang maiwasan ang kanilang pagkakakulong at mabigyan sila ng pansamantalang kalayaan para maipagpatuloy ang kanilang gawain at adbokasiya. Ang pondong ito ay maaaring gamitin ng iba kapag ibinasura ng korte ang mga imbentong kaso laban sa kanila, bilang suporta sa pagpapatuloy ng kanilang paglaya at pagbabalik sa kanilang komunidad at gawain.

5. Banwar (Bayani/Hero)

Parangalan natin ang ating mga bayani mula sa hanay ng mga Katutubo sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang mga ambag at sakripisyo sa pagtatanggol sa kanilang mga komunidad. Layunin ng “Banwar” na magtatag ng mga alaala o memorial markers sa mga lugar kung saan sila isinilang, naging martir, o nagkaroon ng mahalagang ambag sa pakikibaka. Sa ganitong paraan, pinananatiling buhay ang kanilang alaala at nagsisilbing inspirasyon ang kanilang kabayanihan para sa patuloy na pakikibaka ng mga susunod na henerasyon.

6. Kappia (Makatarungang Kapayapaan/Just Peace)

Panawagan para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan bilang alternatibo sa kriminalisasyon, pagtatalaga sa mga aktibista bilang terorista, at militarisasyon. Hinahamon nito ang pagtanggal sa mga balakid sa usapang pangkapayapaan tulad ng red-tagging, kriminalisasyon, extrajudicial killings (EJK), sapilitang pagkawala, at iba pa. Hinihikayat ang parehong panig (GRP at NDFP) na humanap ng pampulitikang solusyon sa ugat ng kaguluhan sa bansa, lalo na sa mga komunidad ng Katutubong Mamamayan. Layunin nitong isulong ang makatarungan at makabuluhang kapayapaan na nakabatay sa paggalang sa karapatang pantao, sariling pagpapasya ng mga mamamayan, at tunay na pagtugon sa mga panlipunan at pang-ekonomiyang ugat ng armadong tunggalian.

7. Kandili

Ang “Kandili” ay kampanya para sa suporta at pakikiisa sa mga komunidad ng Katutubo na nakararanas ng sistematikong pagpapabaya, kahirapan, at pagkakait ng batayang serbisyong panlipunan. Nakaugat ito sa reyalidad ng limitadong akses sa kalusugan, edukasyon, kabuhayan, at iba pang pangunahing serbisyo sa maraming komunidad ng Katutubo, na lalo pang pinatitindi ng mga sakuna, militarisasyon, sapilitang pagpapalayas, at iba pang krisis.

Layunin ng Kandili na magmobilisa at maglikom ng mga rekurso para sa agarang suportang pangkabuhayan, humanitarian assistance, at iba pang pangangailangan ng mga apektadong komunidad, habang pinapalakas din ang kolektibong katatagan at kabuhayan ng mga Katutubo. Isinusulong nito ang diwa ng pakikiisa at sama-samang pagkilos bilang suporta sa pagtatanggol ng mga Katutubo sa kanilang lupa, buhay, kultura, at karapatan sa sariling pagpapasya.

KATRIBU

8. Binhi (Seed of Growth)

Ang “Binhi” ay ang kampanya para sa pagpapalakas ng kilusang katutubo sa bansa sa anyo ng suporta sa mga rehiyon ng pambansang opisina ng Katribu. Nakatuon ito sa pagbangon at pagpapatatag ng mga umiiral na organisasyon, pagkonsolida ng mga komunidad at kasapian, at pagbubuo ng mga bagong balangay sa hanay ng mga Katutubo. Sa pamamagitan ng edukasyon, organisasyon, at koordinasyon, layunin ng Sibol na higit pang palawakin at patatagin ang kilusan ng Katutubong mamamayan bilang bahagi ng pagsusulong ng kanilang mga karapatan at paggiit sa sariling pagpapasya.

- Bahagi nito ang pagtutukoy ng *regional flashpoints: Central Luzon at Southern Tagalog,* bilang suporta sa muling pagpapalakas ng mga organisasyon ng Katutubo. Tinukoy naman ang matingkad na suportang pam-propaganda *(prop projection)* sa mga rehiyon ng Cordillera, Panay, at Mindanao.
- **Defend Talaingod 13**
  Ang pambansang opisina ng Katribu at mga kaalyadong organisasyon nito ay may partikular na kampanyang tutok sa kampanyang *Defend Talaingod 13.* Pangunahing layunin nitong maitambol ang nangyari sa Talaingod 13 para magbigay-pressure sa pagbaligtad/*overturn* sa decision ng korte sa Cagayan de Oro na i-convict ang Talaingod 13. Mahigpit na kaugnay ito sa kampanyang pagbasag sa atake ng estado sa mukha ng pagki-kriminalisa sa *solidarity* at *humanitarian actions*. Layunin din nitong higit na patampukin ang kalagayan ng mga Lumad sa Mindanao na nakararanas ng matitinding atake ng estado.

<u>Kalendaryo ng Pagkilos</u>

February 25 - EDSA
March 3 - Philippine Mining Act of 1995
March 14 - Int’l Day of Action for Rivers and against Large Dams
April 24 - Peoples’ Cordillera Day
April 28 - Abduction of Dexter and Bazoo
May 1 - Labor Day
May 23 - Marawi Siege (9th Anniversary)
June 5 - World Environment Day
July 15 - Unjust Decision vs Talaingod 13
July 27 - State of the Nation Address (State of the National Minority Address)
August 9 – Int’l Day of the World’s Indigenous Peoples
September - Killings (1 - Lianga Massacre I; 24 - Palimbang Massacre)
September 21 - Martial Law
October - indigenous Peoples Month / Tribal Filipino Sunday

KATRIBU

October 29 - Indigenous Peoples Rights Act of 1997
November 10 - Int'l Indigenous Peoples Heroes Day
November 25 - Int'l Day to End Violence Against Women (IDEVAW)
December 8 – IP and Moro Human Rights Day
December 10 - Int'l Human Rights Day
December 30 - Tumandok Day (Commemoration of Tumandok Massacre)

/eof